




Ang Bunga ng Pagpapakumbaba



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gen 15:5-12,17-18)

Ang pangako ng Diyos

⁵NOONG mga araw na iyon, inilabas ng Diyos si Abram at sinabi sa kanya: “Masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami ang magiging anak mo at apo.” ⁶**Nanalig si Abram, at dahil dito’y kinalugdan siya ng Panginoon.**

Inulit ng Diyos ang Kanyang pangako

⁷Sinabi pa ng Panginoon kay Abram, “Ako ang kumuha sa iyo sa Ur ng Caldea upang ibigay sa iyo ang lupaing ito.”

Ang tanong ni Abram (pagdududa)

⁸Itinanong naman ni Abram, “Panginoon, aking Diyos, paano ko malalamang ito’y magiging akin?”

Ang katiyakan sa Diyos

⁹Sinabi sa kanya, “Dalhan mo ako ng isang baka, isang kambing, at isang tupa, bawat isa’y tatlong taon ang gulang. Magdala ka rin ng isang kalapati at isang batubato.” ¹⁰Dinala nga ni Abram ang lahat ng iyon at biniyak ang bawat isa maliban sa mga ibon. Inihanay

niyang magkakatapat ang pinaghating hayop. ¹¹Bumaba ang mga buwitre upang kanin ito, nguni’t itinaboy sila ni Abram.

¹²Nang kumikiling na ang araw, nakatulog nang mahimbing si Abram, at nagkaroon ng isang nakatatakot na pangitain.

¹⁷Pagkalubog ng araw at laganap na ang dilim, biglang may lumitaw na palayok na umuusok, at maningas na sulo na dumaan sa pagitan ng pinatay na mga hayop.

Ang pakikipagkasundo ng Diyos at ang Kanyang pangako (inulit)

¹⁸At nang araw na yaon, nakipagtipan ang Panginoon kay Abram, wika niya: “Nangangako ako na ibibigay sa lahi mo ang lupaing ito, mula sa hangganan ng Egipto hanggang sa Ilog-Eufrates.”

Tema: **Ang Pananampalataya ni Abraham**

PAGPAPALIWANAG

- Mula sa teksto, mailalahad natin ang tatlong importanteng tema: Pananalig, Anak at Lupain.
- Si Abram ay umaasa sa pangako ng Diyos na magkaroon ng anak. Waring nauubusan na ng pasensya si Abram. Nadarama niya na walang kahulugan ang kanyang buhay kapag walang anak. Ang Diyos ay nagpahayag muli ng kanyang pangako sa Gen 12: na bibigyan siya, hindi lang ng isang anak ngunit marami.
- Kasama sa pangako ng Diyos ang lupain. Ang lupain na siyang titirahan ng kanyang mga anak.
- Ang pananalig ni Abram ay nabigyang pansin sa (b.6)

PAGNINILAY

Ang ating Diyos ay Diyos ng pangako at katuparan. Tinupad niya ang pangako niya kay Abraham . Kagad-agad ba?

SALMONG TUGUNAN (Slm 26)

**PANGINOO'Y AKING TANGLAW,
SIYA'Y AKING KALIGTASAN.**

IKALAWANG PAGBASA (Fil 3:20 – 4:1)

Ano ang mangyayari kapag tumulad tayo kay Pablo?

²⁰Ang langit ang tunay nating bayan. Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Hesu-Kristo, ang ating Tagapagligtas. ²¹Pagdating ng araw na yaon, babaguhin niya ang ating katawang-lupa at gagawing maluwalhati, tulad ng kanyang katawan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay. ⁴Kaya nga, minamahal kong mga kapatid—aking kagalakan at karangalan na lagi kong kinasasabikang makita uli—**magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay**

sa Panginoon.

Tema: **Ang Pagpapakatatag**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.17 iniimbitahan ni Pablo ang mga taga-Filipos na tularan siya at kumilos gaya niya.
- Sa bb.18-19, inisa-isa ni Pablo ang gawa ng mga hindi tumutulad sa kanya: ginagawa nila ang kanilang mga sarili na kalaban ng krus, ang kanilang katapusan ay kasiraan, ang sikmura nila ang kanilang diyos, makamundo, kaluwalhatian sa kanilang kahihiyang.
- Sa bb.20-4:1, inilalarawan ni Pablo ang hinahanap ng mga nabubuhay sa pananalig gaya niya: mamamayan tayo ng langit, hihintayin natin ang tagapagligtas, si Hesukristo, para sa kaluwalhatian ng ating mga katawan.
- Sa 4 b. 1, inulit ni Pablo ang kanyang punto: ang mga Kristiyano ay dapat manindigan sa pananalig. Si Hesus na Panginoon ay nasa sentro ng kanilang buhay (hindi pagkain at kamunduhan, at di tamang kaluwalhatian).

PAGNINILAY

May saysay ang pagsunod kay Pablo. Tularan natin ang tumulad sa kanya, at hindi tayo manatiling pagano.

MABUTING BALITA (Lc 9:28b-36)

NOONG panahong iyon: ²⁸Umakyat si Hesus sa bundok upang manalangin. Isinama niya sina Pedro, Juan at Santiago.

Ang pagbabagong anyo

²⁹Samantalang siya'y nananalangin, nagbago ang anyo ng kanyang mukha, nagingning ang kanyang kasuotan na naging puting-puti.

Ang pagpapakita nina Moises at Elias

³⁰Di kaginsa-ginsa'y lumitaw ang dalawang

lalaki—sina Moises at Elias ³¹na napakitang may kaningningan—at nakipag-usap sa kanya. Pinag-usapan nila ang nalalapit na pagpanaw ni Hesus na magaganap sa Jerusalem.

Nagising si Pedro at ang pangunguna niya

³²Tulog na tulog si Pedro at ang kanyang mga kasama, ngunit sila’y biglang nagising at nakita nila si Hesus na nagniningning at ang dalawang lalaking nakatayo sa tabi niya. ³³Nang papaalis na sa tabi ni Hesus ang mga lalaki, sinabi ni Pedro, “Guro, mabuti pa’y dumito na tayo. Gagawa po kami ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises, at isa kay Elias.” Ang totoo’y hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi.

Ang tinig ng Diyos

³⁴Nagsasalita pa siya nang matakpan sila ng isang ulap, at sila’y natakot. ³⁵At may isang tinig mula sa alapaap na nagsabi, “Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang. **Siya ang inyong pakinggan.**” ³⁶Nang tumigil ang tinig, nakita nilang nag-iisa na si Jesus. At hindi muna sinabi ng mga alagad kaninuman ang kanilang nakita.

Tema: **Pakikinig kay Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Ang pagbabagong anyo ay nangyari sa konteksto ng pagdarasal sa bundok (Bundok Tabor). Ang pagbabagong anyo ay ipinayahag lamang sa isang talata (b. 29).
- Si Moises at Elias (dalawang pinaka dakilang kinatawan ng Lumang Tipan). Ay dumagdag sa karangalan ng pagbabagong anyo. May kaugnayan sa tema ng kuwaresmaang pagbabagong anyo: ang Exodo ni Hesus. (Mayroong Exodo sa panahon ni Moises, maging si Elyas ay nakaranas rin ng exodo nang siya ay umalis sa Jezebel, ngunit sa bundok ng Sainai (Horeb). Ang

exodo(pag’alis) ni Hesus ay magaganap sa bundok ng Sion (Jerusalem). Paano?

- Ang mungkahi ni Pedro ay hindi tinanggap. Sa kabilang dako, ang Diyos (tunog at imahe na nagbibigay daan sa kaganapan sa Sinai) ang nagbigay ng panukala. “Makinig sa kanya” na nangangahulugang sasamahan nila siya sa daan ng krus sa kanyang exodo. Sa isang iglap sapat na sa kanila na kayanin ang mga di inaasahang mangyayari kay Hesus.

PAGNINILAY

Pinag-usapan ni Hesus, Moises at Elias ang kanyang paglalakbay (exodo) patungo sa Ama.






II. PAG-UUGNAY

Ibahagi ang kwento ng iyong paglalakbay tungo sa matagumpay na buhay (paano nakamit ang iyong ambisyon, paano napasa ang board exam, paano natapos ang pag-aaral sa pagkapari). Paano mo nakamit ang tagumpay? Sa panahon ng kuwaresma, ang mga pagbasa ay nagpapaalala sa atin na upang makamtan ang kaligtasan, upang maging matagumpay sa ating buhay pananampalataya, upang maging matagumpay na mga Kristiyano at tagapagsunod ni Kristo, kailangan nating mapagkumbaba katulad ni Abraham, kasing pokus katulad ni Pablo at handang magsakrispisyo katulad ni Hesus.

**-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Sem Henrol Cabanag**

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)